

# Prologue



*J*une 24, 2015  
*The Diamond Starline*

“Let us all give a round of applause to the newly-weds, Mr. and Mrs. Adrian Fajardo,” pagkabanggit ng emcee sa reception ay sabay-sabay na tumayo at nagpalakpakan ang mga bisita.

Bumukas ang main door ng Grand Ballroom at pumasok ang bagong kasal na sina Adrian at Krystal, magkahawak-kamay at kumakaway sa kanilang mga kamag-anak at kaibigan. Para bang nag-uumapaw ang kasiyahan ng dalawa dahil dumating din ang pinakahihintay nilang

sandali, at iyon ay ang makasama ang isa't isa habang buhay.

Naupo ang mag-asawa sa velvet couch na inihanda para sa kanilang picture-taking. Kaharap nito ay ang halos sandaang bisita na magkakasalo sa eleganteng mga mesa at silya ng bulwagan. Sa kanan ng velvet couch ay ang presidential table kung saan nakaupo ang pamilya ng mag-asawa at ang mga principal sponsors. Sa kaliwa naman ay nakahain ang five-tier wedding cake, chocolate fountain at dalawang bote ng alak.

Iyon ang unang engrandeng kasal na ginanap sa *Royal Cruise Lines* at siyang itinuring na pioneer event ng nasabing barko sa taong iyon. Ang seremonya ay naganap sa upper deck eksakto sa paglubog ng araw. Punung-puno ng red tulips, yellow chrysanthemums, pink roses at white daisies ang buong deck hanggang sa Grand Ballroom kung saan ginaganap ang reception.

Sa gitna ng bulwagan ay isang maliit na fountain na napaligiran din ng multiple flower garlands.

Bumuntong-hininga si Catleya habang inililibot ang tingin sa buong lugar lalung-lalo na sa mga inayos niyang bulaklak. Napangiti rin siya

nang makita ang bouquet of red tulips at white daisies na dala ng bride. Ipinagmalaki niya sa sarili ang ginawang masterpiece ilang oras bago ikinasal ang dalawa.

Lubos na hinangaan ng dalaga ang bride. Napakaganda ng *trahe de boda* na suot nito at para itong nagniningning na kristal gaya ng pangalan nito, dahil sa mga brilyante at sequins na idinisenyo sa damit. Masalimuot ang pagkakaayos ng buhok ng babae at perpekto ang pagkakalagay ng puting headdress nito. Lalo pang kahali-halina si Krystal dahil sa matamis na ngiti at nagkikislapang mga mata.

*Napakaganda niya, sabi ni Catleya sa sarili. Sana ganyan din ako kapag ikinasal na ako sa lalaking itinadhana ng Diyos para sa akin.*

Napansin niya ang pagbulong ni Krystal sa asawa, ang marahang pagtayo at paglakad nito palabas ng Grand Ballroom kasama ang maid-of-honor.

Napaisip si Catleya. *Siguro pupunta siya sa powder room para mag-retouch.*

Napabalikwas siya nang may biglang humawak sa kanyang siko. “Ate Cat, kumain ka na ba?” tanong ni Arianna, isa sa mga bridesmaids at bunsong kapatid ng groom.

“Ah... eh... hindi pa eh,” nahihiyang sagot niya.

Ngumiti ang magandang dalaga at marahang hinatak si Catleya patungo sa Table 7 kung saan nakaupo ang ilan nitong mga kaibigan. “Tara na, kumain na tayo, Ate. Bawal mahiya ha,” pabirong paalala ng bridesmaid.

Natawa siya at parang batang sinundan si Arianna patungo sa grupong nagtatawanan at nagkukwentuhan. “Ipapakilala kita sa kanila. Hindi matatapos ang gabing ito na wala kang bagong kakilala, Ate,” aniya habang mahigpit na hawak ang kaliwa niyang kamay.

“Guys, I would like you to meet our official florist for this event.” Sandaling huminto si Arianna sa pagsasalita upang makuha ang atensyon ng mga kaibigan. “This is Catleya Ramirez.”

“Hi, Catleya...”

“Hello, pleased to meet you,” sambit ng mga kaibigan ni Arianna habang ipinapakilala ang mga ito sa kanya.

“Join us,” alok ni Ralf, isa sa mga ito; dahan-dahang itinulak ang silyang katabi.

“Thank you,” nahihiyang tugon ng dalaga.

“Arianna!”

Napatingin ang lahat sa direksyon ng boses. Palapit sa kanilang mesa ang groom.

“Kuya Adrian!” bulalas ni Arianna nang makita ang kapatid.

Halos tumigil ang mundo ni Catleya nang masulyapan ang pagngiti ng lalaki. May natatanging tindig ang mayamang negosyante. Kagalang-galang din itong tingnan dahil sa itim na amerikanang suot na may maliit na corsage bilang accent. Naalala ni Catleya na isa iyon sa mga ginawa niya bukod sa bouquet ni Krystal. Talagang kahanga-hanga si Adrian. Bagay na bagay ito sa napangasawa.

Nasamid siya pagkatapos uminom ng malamig na tubig nang bumaling ang tingin ni Adrian sa kanya. Nanlambot siya sa higpit ng hawak nito nang makipagkamay siya.

“It was nice meeting you, Catleya,” anito sa buong tinig.

Tumango na lamang siya na parang biglang naubusan ng sasabihin. *Cat, umayos ka nga. Para kang teenager kung humanga sa lalaki. Tapos, sa may asawa pa talaga nabaling ang atensyon mo, tahimik niyang sita sa sarili.*

“Thank you for doing all this for our wedding. Everything is splendid.” Ngumiti siya bilang

pasasalamat. “Enjoy the night!” dugtong ni Adrian at pagkatapos ay nagpaalam na sa kanilang grupo para magtungo sa susunod na mesa.

Ilang segundo matapos umalis si Adrian ay biglang umalingawngaw ang tunog ng isang malakas na pagsabog. Napatayo ang karamihan sa mga bisita dahil sa pagkagulat. Napatigil sa pag-iikot at pagsisilbi ang mga waiters.

Muling niyanig ng pangalawang pagsabog ang Grand Ballroom. Mukhang nanggaling ang mga iyon sa labas, mula sa mga private cabins.

Nagtakbuhan ang mga tao patungo sa main door. May nagsisisigaw ng “Bomba! Bomba!” ngunit pakiwari ni Catleya ay wala na siyang naririnig nang mga sandaling iyon. Mabilis siyang nag-isip ng paraan para agad na makalabas. Dahil karamihan ay nagsiksikan sa main door, naghanap siya ng lusutan sa ibang sulok ng Grand Ballroom.

Ilang sandali pa ay umalingasaw ang nakalalasong amoy. Isang maitim at makapal na usok ang pumuno sa buong bulwagan.

Kinuha ni Catleya ang katabing silya upang basagin ang isang bintana kung saan aninag niya ang upper deck ng barko. Dahan-dahan niyang

inilusot ang sarili mula sa pira-pirasong bubog na natira sa nabasag na bintana. Pagkalabas roon ay kumaripas siya ng takbo patungo sa dulo ng upper deck upang makasakay sa mga lifeboats na hinatak ng mga crew mula sa control room.

Sunud-sunod ang pagkalat ng apoy mula sa mga cabins at maging sa boiler room. Nagbagsakan ang mga haligi sa upper deck at isa-isang nabasag rin ang mga bintana sa iba't ibang sulok ng barko.

Saglit na inilibot ni Catleya ang tingin sa paligid. Nag-iiyakan sa takot ang mga tao, nagtatakbuhan upang mailigtas ang kani-kanilang sarili at may ilang katawang nasusunog na nagtatalon sa dagat. Ang masayang kasalan ay napalitan ng isang nakagigimbal na senaryo.

Pilit na pinigil ni Catleya ang pagluha. Nagpatuloy siya sa pagtakbo sa kabila ng magkahalong takot at kaba na kanyang nararamdaman... patungo sa kawalan.

Pero hindi niya narating ang dulo ng upper deck. Napasigaw siya nang bumagsak sa kanya ang napakalaking kahoy na arko, kasama ang mga bulaklak na kanyang inayos bago ang kasal.

Para bang tumigil ang pag-ikot ng mundo. Sa isang iglap, nagdilim ang buong paligid.

# Chapter One



*June 27, 2017*  
*The Crystal Starline*

“Inom tayo, p’re,” anyaya ni Lucas kay Adrian habang ibinubuhos ang whiskey sa kanyang liquor glass.

Tiningnan ni Adrian ang mga kaibigan at tumango na lamang bilang tugon. Ang totoo, wala siya sa mood uminom sa araw na iyon at gusto na lamang niyang manatili sa kuwarto at manood ng mga pelikula sa TV. Naisip niyang wala naman masyadong mahalagang pangyayari sa araw na iyon maliban sa wedding anniversary party ng kanyang mga magulang mamayang



gabi.

Pakiramdam niya ay nawalan na siya ng excitement na magdiwang ng mga naturang okasyon, lalung-lalo na ang patungkol sa mga weddings at anniversaries. Simula nang maganap ang trahedya sa *Diamond Starline* na ikinamatay ng kanyang asawa dalawang taon ang nakalilipas, nawalan na siya ng ganang ipagdiwang ang anumang okasyon sa kanyang buhay, kahit pa ang mismong kaarawan niya.

Para hindi masabing killjoy ay pinagbigyan na lang niya ang kanyang mga kaibigang sina Lucas Del Prado, Calvin Montemayor at Ericson Buenafe nang magkaayaan sa bar na nasa loob ng barko. Pare-pareho silang mga anak ng mga kilalang negosyante at politiko. Magkakaklase rin sila simula pa high school. Kadalasan, kapag may mga parties ang kani-kanilang mga pamilya ay hindi nawawala ang sinuman sa kanila.

“Eric, kumusta na ang paghahanda mo para sa kasal n’yo ni Rachel? Sa December na ’yun, di ba?” tanong ni Calvin sa kaibigan.

“Ayun. Ang dami masyadong gusto ni Rachel pagdating sa mga wedding details. Hindi ko na nga din talaga siya maunawaan kung minsan, eh,” sagot ni Erich saka napakamot ng ulo.

Nagtawanan sina Lucas at Calvin. Si Adrian naman ay pilit na ngumiti habang iniinom ang whiskey.

“Dude, ganyan talaga ang mga babae. Parang bagyo, pabugsu-bugso ang isip,” pagdadahilan ni Lucas saka kinuha muli ang bote ng whiskey upang ibuhos ang laman niyon sa baso ng kanyang mga kaibigan.

“Speaking of women, pare, pansin ko kanina pa nakatingin sa atin ang mga babaeng iyon,” sambit ni Calvin sabay turo sa grupong nakaupo sa kabilang counter. Nakasuot ang mga ito ng mga itim na miniskirts at makikislap na blouses na halos kita na ang dibdib. Saglit na bumaling ang atensyon ni Adrian sa mga mapanuyong titig ng mga tinukoy ng kaibigan.

“Lucas, parang type ka n’ung nasa kaliwa,” banat ni Calvin.

Muling humagalpak sa tawa ang magkakaibigan.

“Pare,” hinawakan ni Lucas ang balikat ni Calvin, “alam mo lasing ka na, eh. Di mo ba nakikita? Kay Eric nakatitig ang babaeng sinasabi mo.”

“Hey, huwag n’yo nga akong idamay diyan. Engaged na ’to, dude,” pagdadahilan ng kaibigan.

“Yeah, right! Nagsalita ang hindi matinik sa babae. Hoy, Ericson Buenafe, kung ako sa iyo magpakasawa ka na ngayong hindi pa kayo kasal ni Rachel dahil pagkatapos ng seven months, Goodbye to single life ka na, bro!” bulalas ni Calvin.

Naghalakhakan ang magkakaibigan pero natigilan din nang mapansing walang imik si Adrian. Nagtinginan ang tatlo na para bang nagtuturuan kung sino ang unang kakausap sa kanya.

“Bro,” pasimula ni Lucas, “may problema ba?”

Tiningnan niya ang mga kaibigan at saka tumugon, “Wala naman, medyo pagod lang...”

“Come on, Adrian. Hindi kami sanay na ganyan ka. Kung tutuusin, pagdating sa mga ganitong inuman, ikaw ang nangunguna dati, di ba? So what happened now?” nag-aalalang tanong ni Calvin.

“Sorry, pare, wala lang talaga ako sa mood ngayon...”

“Hmm... Alam mo, sa tingin ko, Adrian, mag-iiba na ang mood mo. Look who’s behind you,” sambit ni Eric sabay turo sa likuran niya.

Marahan siyang lumingon at nakita niyang

papalapit ang isang babaeng nakapostura at mala-modelo ang tindig.

“Donna Vergara,” bulong ni Calvin, “ang babaeng patay na patay kay Adrian.”

Bumungisngis sina Lucas at Eric habang patuloy sa pag-inom ng whiskey.

Naningkit ang mga mata niya habang papalapit ang babae sa kanya. *Wrong timing ka, Donna. Bakit ngayon pa? Kung kailan ayokong makipag-usap sa kahit sino, saka ka naman dumating.*

“So nandito ka lang pala,” walang emosyon na sambit nito sabay ismid sa kanyang mga kaibigan.

Nagdilim ang mukha ni Adrian. Gusto niyang pigilin ang pagkaasar sa babaeng kaharap. “Hindi ibig sabihin na dahil ikaw ang best friend ng asawa ko ay kailangan ko ring sabihin sa iyo ang lahat ng lakad ko, Donna.”

“Bro, excuse me lang ha. Doon muna kami,” paalam ni Lucas. Mukhang naramdaman ng tatlo na kinailangan muna nilang umiwas sa namumuong tensyon sa pagitan nila ni Donna.

“Adrian, kaibigan mo rin ako. Karapatan kong malaman kung saan ka pumupunta at kung ano’ng ginagawa mo...”

“Ano ba’ng kailangan mo?” tanong niya, pinahalata na sa tono na naiirita na siya.

Seryosong nakipagtitigan ito at bahagyang itinaas ang mukha upang lalong maaninag si Adrian sa kabila ng dim lights ng bar. “Wedding anniversary party nina Tito Alfonso at Tita Irene mamayang gabi. Pinapahanap ka na ng mama mo sa akin para siguraduhing naghahanda ka na. It’s going to start in an hour pero hanggang ngayon, hindi ka pa rin nakabihis nang maayos. Inuna mo pa’ng makipag-inuman kasama ang mga kaibigan mo.”

Padabog na inilapag ni Adrian ang kanyang baso sa mesa. “Damn it, Donna! Ganito na lang ba lagi ang trato mo sa ’kin? Hindi kita nanay at lalong hindi ikaw ang asawa ko para paalalahanan mo ako ng mga dapat at hindi ko dapat gawin. Nakakasakal ang ginagawa mo. Will you just...” sandali siyang tumigil habang nakakuyom ang mga kamao, “mind your own business!” Pagkatapos, pagalit na lumabas siya ng bar.

“Adrian! Sandali lang! You can’t just leave me here!”

Tinitigan niya ang dalaga. Nagsalubong ang kanyang mga kilay sa inis. “Donna, please,

just leave me alone!” Nagpatuloy si Adrian sa matuling paglalakad patungo sa upper deck ng barko.

Pakiramdam niya ay kailangan niya munang makasagap ng hangin at magpalamig ng ulo bago pumunta sa dinner party ng mga magulang.

*I hate this life!*



Abala si Catleya sa pag-aayos ng mga bulaklak sa upper deck para sa dinner party ng mag-asawang Fajardo. Isa-isa niyang ginupit ang tangkay ng mga rosas at tulips na inihanda kanina lang ng kanyang Ate Camia at ibinalandra sa harapan niya. Iyon ang paboritong bulaklak di-umano ni Irene Fajardo, ayon sa kanyang ina.

Dahan-dahang pinapakiramdaman ni Catleya ang mga tinik habang ginugupit ang tangkay ng mga pulang rosas. Iniingatan niyang huwag masugatan ng gunting o tinik ang kanyang mga daliri. Sapat na ang mga tinik na sumugat sa kanyang katauhan dalawang taon ang nakakaraan dahil sa isang aksidente. Wala siyang maalala sa mga pangyayaring iyon at ninanais niyang huwag na rin iyong maalala pa. Naging higit na mahalaga para kay Catleya ang kasalukuyan at ang hinaharap kaysa ang

nakaraan. Ipinagpapasalamat niya sa Panginoon ang pagkakaroon ng pagkakataong mabuhay nang mapayapa sa kabila ng nangyari sa kanya sa nakaraan.

Nakahiligan na niya ang mga bulaklak simula pagkabata, bukod pa sa katotohanang sa isang bulaklak din siya ipinangalan. Madalas siyang sumama sa kanyang ina sa *Forever Flowers*, ang flowershop na itinayo ni Irene upang matulungan ang pamilya ng mga mangingisda sa *Puerto de Fajardo*, ang beach resort ng mga ito sa Talisay, Batangas. Katuwang nila ng kanyang ina ang mga kapatid na sina Camia at Camellia. Sa loob ng tatlumpu't limang taon ay naitaguyod ng mag-asawang Ramirez ang edukasyon ng kanilang tatlong anak sa pamamagitan ng pangangisda at pagmamaniobra ni Mang Dado ng speed boats sa *Puerto de Fajardo*, at ang pagiging florist naman ni Aling Lydia. May mga sandaling kinukuha ito ng mga Ramirez upang mag-ayos ng mga bulaklak sa mga natatanging okasyon ng pamilya Fajardo, gaya ng naturang party sa kanilang barko.

Marahang yumuko si Catleya upang kunin ang mga dilaw na tulips sa basket na nasa lapag at saka umakyat sa hagdan na papuntang control room upang madisenyuhan ang railing niyon.

Halos mag-iisang oras na siyang nag-aayos sa upper deck ng barko samantalang ang kanyang Ate Camia naman ay abala sa Grand Ballroom kung saan gaganapin ang party ng mga Fajardo. Isa-isang binilang ni Catleya ang mga rosas at tulips saka tinalian ang buong bungkos ng pula at puting laso. Ipinulupot niya ang finished product sa bandang itaas na bahagi ng railing at pagkatapos ay kumaripas siya sa pagbaba upang kuhanin ang susunod na batch ng mga bulaklak mula sa basket.

Hindi napansin ni Catleya na sumabit ang sinulid sa nakausling bahagi ng railing kaya bago pa man niya narating ang huling limang baitang ng hagdan ay nadulas siya at bumagsak ang katawan sa lapag.



Parang sumasayaw sa saliw ng musika ang mga alon sa dagat. Tahimik na pinagmasdan ito ni Adrian habang papalubog ang araw. Naisip niya na kung pwede lang na manatili siya sa ganoong sitwasyon sa matagal na panahon ay gagawin niya nang sa gayon ay makamit niya ang kapayapaan na kanyang ninanais.

*Ano ba'ng nangyayari sa akin? Hindi naman ganito kamainitin ang ulo ko dati. Pero bakit sa*



*kaunting bagay ngayon, eh, madali akong mainis o di kaya'y magsawa? Parang hindi ko na kilala ang sarili ko...*

Nakapa niya sa pantalon ang kanyang wallet. Kinuha niya iyon at saka binuksan. Napagtanto niya ang kakulangan sa sarili nang makita ang wedding picture nila ng kanyang asawa.

*I miss you, Krystal. Dalawang taon mula n'ung maganap ang kasal natin sa isang barkong naglalayag gaya nito. Marami tayong mga plano noon pagkatapos ng kasal; ang honeymoon natin sa Bahamas, ang pagtatayo natin ng hotel resort sa Palawan, at ang pagkakaroon sana natin ng anak isang taon matapos nating ikasal. Pero hindi ko lubos maisip na ang mismong kasal pala natin ang huling pagkakataon na makikita at makakasama kita...*

Hindi niya maiwasang isisi sa sarili ang pagkamatay ng asawa. Naisip niya na sana hindi na niya hinayaan pang pumunta sa powder room noon si Krystal para mag-ayos, o di naman kaya ay sinamahan na lamang niya ito papunta roon para hindi na sila nagkahiwalay pa. Nagkataon pa naman na sa bahagi ng barko kung saan naroon ang powder room nagsimula ang pagsabog. Sinubukan niyang hanapin ang asawa sa gitna ng kaguluhan nang gabing iyon pero hindi niya

nakita si Krystal. Pinilit siya ng mga magulang na sumakay na lang sa lifeboat para mailigtas ang sarili mula sa palubog na barko.

Nahanap ang ilang katawan dalawang araw matapos ang pagsabog sa *Diamond Starline*. Noong panahong iyon, ayaw pang maniwala ni Adrian na kay Krystal ang isa sa mga nahanap na bangkay. Pina-DNA test ito upang matiyak ang hinala ng mga imbestigador. Positibo ang lumabas doon at lumabas sa otopsiya na pagkalunod ang ikinamatay nito. Labis ang paghihinagpis niya noon at lalong umigting nang malaman niyang namatay rin sa pagsabog si Erlinda Alhambra, ang ina ni Krystal at ang kapatid nitong si Gavin. Ang ama ni Krystal na si Roberto ay nasa coma pa rin simula nang mangyari ang pagsabog. Bukod sa pamilya Alhambra ay mahigit sa dalawampung katao ang namatay sa nasabing trahedya sa dagat.

Sa likod ng larawan ay may nakasiksik na papel. Hinila iyon ni Adrian at naalala niyang iyon ang huling sulat na ibinigay ni Krystal tatlong araw bago sila ikasal. Maluha-luha siya nang muli iyong basahin:

*June 21, 2015*

*My dearest Adrian,*

*Hindi pa rin ako makapaniwala hanggang ngayon na ikakasal na tayong dalawa in three days. Excited na talaga ako, honey. Ever since I met you, I really wanted to spend the rest of my life with you. You are the man I've always dreamed of marrying. Ikaw ang gusto kong maging ama ng mga magiging anak ko. Kaya naman nang mag-propose ka sa akin noon sa lighthouse ay agad kong tinanggap iyon dahil wala talaga akong alinlangan sa sarili ko na ikaw nga ang itinakda ng Panginoon para sa akin.*

*Ayoko masyadong habaan ang sulat na ito. Baka kasi wala na akong masabi sa wedding vow ko. 'Yun pa naman ang dapat kong paghandaan. All I want to say is that, I'll always be here for you whatever it takes. I love you so much!*

*Always and forever,  
Krystal*

Nagulantang si Adrian nang makarinig siya ng marahang mga tunog sa kabilang sulok ng upper deck. Itinago kaagad niya ang sulat ni

Krystal at ang wallet sa pantalon, saka mabilis na nabaling ang atensiyon sa pinanggalingan ng tunog.

Napansin niya ang isang babaeng pumapanhik sa hagdan mula sa topmost control room. The sight of that woman caught his interest. Mukhang familiar sa kanya ang aura nito. Balingkinitan ang katawan, itim na wavy ang buhok at maputi ang balat. *Parang nakita ko na ang babaeng ito noon, pero hindi ko maalala kung saan.*

Hindi maialis ni Adrian ang atensyon sa estranghera. Di niya malaman ang dahilan pero pakiramdam niya ay nagkakilala na sila dati. Di niya rin alam kung bakit biglang namuo ang interes na higit pa itong kilalanin.

Pero nagulat si Adrian nang marinig niya ang sigaw ng babae. Mukhang nawalan ito ng balanse sa pagbaba sa hagdan. Sa kasamaang-palad, dumausdos ito dere-derecho pababa at nagitla siya nang makita ang dalaga na nakahandusay sa lapag.

# Chapter Two



**P**akiramdam ni Catleya ay nabugbog ang kanyang katawan mula sa pagkakabagsak sa lapag ng upper deck. Ilang sandali pa ay may narinig siyang boses na papalapit sa kanya.

“Miss, are you okay?” nag-aalalang tanong ng lalaki habang tinutulungan siyang makabangon at makatayo nang maayos.

Napalington siya rito. “Ah, a-ayos lang ako. Medyo masakit lang konti ang mga kasu-kasuan ko pero kaya ko naman. Kukunin ko sana ang mga bulaklak sa basket pero...”

“Pero na-out balance ka, tama ba? Sigurado ka bang okay ka lang? Wala ka bang bali o sugat?” patuloy ng lalaki habang sinusuri ang mga kamay

at binti ni Catleya.

Biglang naubusan ng sasabihin ang dalaga kaya napatango na lamang siya at saka iniyuko ang ulo.

“Wala ka bang kasama ngayon dito?” muling tanong ng lalaki.

“Meron. Ang Ate Camia ko. Pero nasa loob pa siya ng Grand Ballroom. Nag-aayos para sa party ng mga Fajardo ngayong gabi. Ako kasi ang nakatoka dito sa upper deck. Kailangan ko na itong matapos bago magsimula ang party...” sabi niya habang kinukuha ang mga bulaklak at laso sa basket.

“I see. Ako pala si Adrian Fajardo,” pagpapakilala ng lalaki.

Napatigil ang dalaga sa ginagawa at napako ang tingin sa kanya nang makipag-handshake siya sa binata. Isa palang Fajardo ang nakakita sa kanya nang mahulog siya sa hagdan!

Namula ang kanyang mga pisngi sa hiya, at saka siya humingi ng paumanhin, “Naku, sir, pasensya na po kanina. Hindi ako naging maingat...”

Nagkatitigan muli sila ng naturang lalaki nang ilang sandali. Pakiramdam ni Catleya ay nakita na niya si Adrian dati pa, hindi niya lang

maalala. Halos mapabalikwas siya nang kaswal na hinawakan muli ni Adrian ang mga kamay niya upang kunin ang basket ng mga bulaklak, dahilan para maputol ang sinasabi niya.

Ngumiti si Adrian saka siya pinaalalahanan. “Sa susunod kasi eh mag-iingat ka. Siyanga pala, pwede ko bang malaman ang pangalan mo?” tanong nito.

“Catleya po, sir. Catleya Ramirez.”

“Please don’t call me ‘sir.’ Kahit Adrian na lang,” sambit ng binata sa marahang tinig na parang pinipigilan ang pagtawa.

*Adrian Fajardo. Bakit parang narinig ko na ang pangalang ito noon? At ang kanyang mga mata at kamay. Bakit parang natitigan at nahawakan na ako nang ganito dati? naisaloob ni Catleya.*

At mukhang nabasa ni Adrian ang kanyang iniisip dahil nagtanong ito muli, “Have we met before?”

Hindi niya alam ang isasagot. May mga bagay sa nakaraan niya na hindi niya maalala, at maaaring naibaon na sa limot. Tulad ng aksidente niya dalawang taon ang nakalilipas.

“Sorry, siguro may kamukha ka lang dati na nakilala ko or what. Anyway, kailangan mo ba ng tulong sa mga inaayos mong bulaklak?”

“Catleya!”

Napalingingon siya sa pinanggalingan ng boses. “Ate Camia, nandito ako.”

Lumapit ang nakatatandang kapatid sa kanya. “Naku, hindi ka pa pala tapos diyan...”

Mabilis na ipinaliwanag ni Adrian ang nangyari. “Aksidente siyang nahulog sa hagdan habang nag-aayos ng mga bulaklak. Buti na lang, nandito lang ako sa isang sulok ng deck.”

“Cat... ano ka ba naman, bakit ba kasi hindi ka nag-iingat?” pag-aalalang sambit ni Camia.

“Ate, sorry ha. Gusto ko kasing matapos agad ang pag-aayos dito sa upper deck. Sa kagustuhan kong mangyari iyon, nagmadali ako sa pagbaba...” pagpapaumanhin ni Catleya.

“Sir Adrian, pasensya na po kayo ha. At salamat po sa tulong n’yo sa kapatid ko,” anang kapatid.

“No problem. Kung kailangan n’yo ng tulong para matapos ang pagde-decorate n’yo dito sa upper deck ay handa naman akong tumulong,” pag-aalok pa ng lalaki.

“Hindi na po, sir. Ayos lang po kami ni Catleya. Kami na po ang bahala dito.”

“Alright. Sige, I’ll go ahead then. Baka hanapin ako ng Papa at Mama sa dinner party.



I'll see you around. By the way, sigurado ka ba, Catleya, na okay ka lang talaga? Kasi p'wede kong ipatawag ang family doctor namin ngayon dahil bisita rin namin siya sa party mamaya. Para ma-check niya kung may bali, pasa o sugat ka," nag-aalalang tanong muli nito.

"Opo, Sir Adrian... este, Adrian. Okay lang talaga ako. Maraming salamat ulit sa tulong ninyo..." tugon ni Catleya.

Hindi siya makapaniwala sa kabaitang ipinakita sa kanya ng lalaki. At hindi rin siya makapaniwala sa kasiyahang nadama bunga ng pagkakakilala niya kay Adrian nang araw na iyon.



Tiningnan ni Adrian ang sarili sa salamin pagkatapos makapag-shower at maglagay ng wax sa buhok. Isinuot niya ang puting polo, itim na pantalon, itim na leather shoes at kulay abo na tuxedo. Ilang sandali pa ay handa na siya para sa dinner party ng mga magulang.

Ngunit pagkaupo niya sa kama ay bigla siyang natigilan. Naalala niyang muli si Krystal pagkakita sa gintong relo na isusuot niya dapat sa kaliwang pulso. Ibinigay ito ng kanyang asawa ilang minuto bago sila pumasok sa Grand Ballroom ng *Diamond Starline* noon para sa

wedding reception. Naalala niya ang matamis na ngiti ni Krystal habang isinusuot ang relo sa kanyang kamay.

*“Bagay na bagay pala sa ’yo ito, honey,” sambit nito.*

*“Mas bagay tayong dalawa.” At binigyan niya ang asawa ng isang masuyong halik sa labi.*

*“Hmm... ang corny ng asawa ko,” sabay bungisngis ni Krystal. “Buti na lang, mahal kita.”*

Nahimasmasan siya nang makarinig ng katok sa pinto. “Kuya Adrian?”

“Pasok ka, Arianna.”

Marahang binuksan ng kapatid ang pinto saka pumasok sa silid. Nakasuot ito ng pulang cocktail dress na puno ng mga brilyante sa bandang bewang bilang accent. Hindi maikakaila na mahilig sa fashion ang kapatid.

“Are you ready? Sabay na tayong pumunta sa party?” excited na tanong nito pagkaupo sa kama.

“To tell you honestly, wala ako sa mood pumunta sa party...”

“Here we go again.” Bumuntong-hininga si Arianna at saka tumayo at sumandal sa dresser.

“What?” tila inosenteng tanong ni Adrian sa bunsong kapatid.

Tiningnan ni Arianna ang kapatid. “Kuya,

alam kong nagdaramdam ka pa rin dahil sa pagkamatay ni Ate Krystal. But it's been two years. Kung hindi mainitin ang ulo mo, lagi kang nagmumukmok at walang gana. And it usually happens whenever there are special occasions in our family like this one. Bihira ka na namin makasama nina Papa, Mama at Kuya Andrei sa dining table kapag nasa mansyon tayo. Kapag mag-aaya silang lumabas, kailangan ka pa talagang pilitin para lang sumama sa amin. Kuya, when is this going to end?"

Huminga si Adrian nang malalim at saka tumingin sa kisame na para bang naroon ang sagot sa tanong ng kapatid.

"I really don't know, Arianna. It's just that there are a lot of things and events that remind me of my wife..."

"Your *deceased* wife to be exact, Kuya," ang pagdiriin ng kausap. "I mean, hindi masamang maalala si Ate Krystal, given na hindi pa talaga nabibigyan ng hustisya ang nangyari sa mga Alhambra. Hanggang ngayon, under investigation pa din ang naganap na pagsabog sa *Diamond Starline*. Hindi natin alam kung sino ang gumawa n'un, kung foul play ba talaga iyon o isa lang aksidente. Pero, Kuya, what I'm trying

to say is, you can't go on moping around thinking na babalik pa si Ate Krystal sa iyo or that there's no other woman who could ever replace her in your heart. Alam kong masakit ang pagkawala niya. But it's time to move on..."

Tumikhim si Adrian. May katotohanan ang mga sinabi ni Arianna. Simula nang mamatay si Krystal, pakiramdam niya ay tumigil na rin ang pag-ikot ng mundo. Naging magaling siyang negosyante dahil sa dating asawa; itinaguyod niya ang *Royal Cruise Lines* at inialay ang pag-launch ng *Diamond Starline* rito; nagpursigi siyang mag-ipon ng pera at bumili ng bahay at lupa sa Batangas para sa kanilang dalawa at sa bubuoin nilang pamilya. Lahat ng bagay na ginawa niya dati ay inilaan niya para kay Krystal. Ngunit nang mamatay ito, pakiramdam niya ay gumuho na ang lahat sa kanya.

Tama ang kapatid. He needed to move on. But how?

"Nami-miss ko na ang Kuya Adrian na nakilala ko." Lumapit si Arianna at lumuhod sa harap niya upang maging magkalebel ang mukha nila sa kanilang pag-uusap. "Sana makita ko uli iyon sa iyo."

Napangiti si Adrian sa kanyang kapatid at

hinawakan ito sa mga braso. “I’ll try my best na ibalik ang dating Adrian. I promise.”

“Don’t try, Kuya. Just do it. At dahil diyan, halika na at pumunta na tayo sa Grand Ballroom. I’m sure tayo na lang ang hinihintay doon.” Kaagad itong tumayo at inayos ang mga creases ng suot na dress saka binuksan ang pinto ng cabin.

Sinadya niyang iwan ang relo sa kanyang bedside table bago sinundan ang kapatid. Sa puntong iyon ay sisimulan na niyang huwag munang isipin si Krystal o anumang pangyayari sa nakaraang dalawang taon.

Napatigil si Arianna at biglang lumingon sa kanya na parang may biglang naalala. “Kuya, may dadaanan pala tayo. Pwede mo ba akong samahan sa middle deck?”

“Alright. Sino ang dadaanan natin doon?”

Ngumiti ito. “Sina Ate Camia at Ate Catleya from *Forever Flowers*. I invited them to the party as well. Do you remember Ate Catleya? Pinakilala kita noon sa kanya sa kasal mo.”

Lumingon si Adrian sa kapatid. “Talaga? Kaya pala familiar siya. Nagkakilala na pala kami dati. Sorry, sa dami kasi ng nangyari the past two years, hindi ko na din maalala kung sino ’yung mga

---

pinakilala mo sa akin n'un..."

Ngumiti ang kaharap saka hinawakan ang braso niya. "Feeling ko nga di mo na naaalala kasi natabunan ng bad memories 'yung lahat ng pangyayari noon. Anyway, halika ka na, Kuya. Sunduin na natin sila."

Sa di-malamang dahilan ay parang gumaan bigla ang kanyang pakiramdam at may munting galak na dumaloy sa puso niya nang malamang imbitado rin pala si Catleya. Natutuwa siya na makikita niya ito ulit.

# Chapter Three



**M**agkakasabay na dumating sina Adrian, Arianna, Camia, at Catleya sa Grand Ballroom para sa wedding anniversary ng mag-asawang Fajardo.

Maringalang pagkakaayos ng venue at sadyang pinuno ito ng mamahalin at masasamyong bulaklak tulad ng chrysanthemums, lilies of the valley, cattleya, asters, tulips at camelias sa bawat sulok bilang palamuti. Nagmistulang mga hari at reyna naman ang mga bisita ng mag-asawa dahil sa mga suot na mamahaling evening gowns, cocktail dresses at tuxedos.

Ang party ng mga Fajardo ang isa sa pinakamalalaking salu-salo ng mga elitista ng

lipunan sa taong iyon. May ilang field reporters at cameramen sa paligid na ibinabalita at kinukuhanan ang bawat anggulo ng okasyon.

“Arianna,” bulong ng nakatatandang babae sa kapatid niya, “ano kaya kung bumalik na lang kami ni Catleya sa kuwarto namin? Para kasing hindi kami nababagay dito sa suot namin, eh.” Kasabay niyon ay napatingin ito sa suot na maikling floral dress.

Tiningnan ito ni Arianna at marahang nagsalita, “Ate Camia, wala kayong dapat alalahanin. Inimbita ko kayo dito kaya tama lang na nandito kayo. You have nothing to worry about. You look perfectly fine to me.” Ngumiti ito sabay anyaya sa kanila patungo sa mga silya, “Halina kayo.”

Pasulyap-sulyap si Adrian sa magkapatid na Ramirez lalung-lalo na kay Catleya. Sa kabila ng simpleng asul na bestida at puting sapatos na suot ay angat pa rin ang kagandahan nito. Higit pa sa inosente at mapagpakumbabang aura ng dalaga ang napansin ni Adrian. May kakaiba talaga kay Catleya at di pa rin niya malaman kung ano iyon.

Simplicity is beauty. At para sa lalaki, si Catleya ang pruweba niyon.



*What's happening to me?* Napaisip siya. He had never appreciated a woman like this way before. Iyong huli ay iyong asawa niya. And to think nagkakilala na pala sila dati. Tapos, kanina nakilala niya ulit ito, pero awkward naman ang sitwasyon.

Dahil ba sa pagkakahawak niya sa mga bisig ni Catleya kanina nang tulungan niya itong makatayo? Pakiramdam ng lalaki ay lumukso nang paulit-ulit ang kanyang puso kanina habang nakakapit ang babae sa kanya at nakatingin sa mukha niya. It felt familiar.

Halos pigilan din ni Adrian ang paghinga nang ngumiti si Catleya kanina nang sunduin nila ang magkapatid sa cabin ng mga ito. That smile seemed so familiar, too.

Naalala tuloy ni Adrian ang nabanggit noon ng kanyang ina na ang tunay na kagandahan ng isang babae ay dumadaloy mula sa nilalaman ng puso nito at iyon ang nakakaimpluwensya sa kanyang panlabas na kaanyuan. Marahil iyon ang dahilan kaya nagagandahan siya sa dalaga. Hindi pa man niya ganoon kakilala si Catleya, pakiramdam niya ay may busilak itong kalooban.

Ngunit biglang may namuong kislap ng pag-aalinlangan sa kanyang puso.

*Adrian, get a hold of yourself*, paalala niya sa sarili. He couldn't simply fall for any woman just like that. He made a vow two years ago that he won't entertain relationships with women until he had completely moved on. Kaya nga kaswal lang dapat ang pakikipag-ugnayan niya sa mga babaeng makikilala niya. Nothing serious. No unnecessary attachments whatsoever.

Napaigtad at napalingingon siya nang biglang yumapos sa kanya si Donna. Mala-ahas ang pagkakayapos nito sa kanya kaya bahagya siyang umiwas.

"I'm glad you came to the party," sambit ng babae.

"Malamang pupunta ako dahil party ito ng mga magulang ko, di ba?" sarkastikong tugon niya.

Mukhang hindi naramdaman ni Donna ang asido sa kanyang tono dahil patuloy ang pagsuyo nito sa kanya. "I'm sorry for pissing you off awhile ago. Hindi na iyon mauulit pa..."

Pilit na itinago ni Adrian ang pagkairitang nadarama kaya tinugon niya ito sa malamig na tono. "Kalimutan na lang natin ang nangyari." Saka iniwan ang dalaga at tumungo sa presidential table kung saan uupo ang kanilang pamilya.



“Hi, Ate Donna.” Bumeso si Arianna sa babae. “May ipapakilala pala ako sa iyo, sina Ate Camia at Ate Catleya.” Iprinisinta nito ang magkapatid. “Sila ang florists namin tuwing may events especially dito sa barko.”

Waring nanunuya ang mga titig ni Donna. Tiningnan nito ang dalawang babae mula ulo hanggang paa. Halatang pilit ang pagngiti nito habang kinakamayan ang ate niya. “Pleased to meet you, Camia.” Nang iabot nito ang kamay sa kanya, napataas ang isa nitong kilay. “Pleased to meet you as well... Catleya. By the way, it’s so obvious sa fashion statement n’yong magkapatid na sa flower shop nga kayo nagtatrabaho,” prangkang anito.

“Ate Donna...” Siniko ni Arianna ang babae nang marinig ang waring pang-iinsulto nito.

“Well, enjoy the party.” Umalis na ito at sinundan si Adrian.

“Arianna, baka puwede mong pagsabihan ang kaibigan mong iyon ha,” naiiritang sabi ni Ate Camia niya. “Hindi ko gusto ang tabas ng dila niya kanina.”

“Pagpasensyahan n’yo na si Ate Donna.

Matino naman siya, kaya lang may pagkaprangka magsalita minsan.”

“Ate Camia, hayaan mo na,” pagpapakalma ni Catleya sa kapatid. “Nga pala, p’wede bang lumabas muna ako sa upper deck. Nalimutan kong ilagay ang laso sa mga bulaklak na inayos ko kanina sa railings.”

“Ate Cat, kumain muna kayo. Saka ka na lumabas, mamaya pagkatapos. Magsisimula na rin naman ang salu-salo. Okay lang ba?” pakiusap ni Arianna.

“Sige, walang problema,” ngiti niya rito.

Natahimik ang mga tao nang marinig ang announcement ng emcee. “We would like to ask everyone to settle down. The program will start in a minute.”

Sinalubong ng magkakapatid na Adrian, Andrei at Arianna sa main door ng Grand Ballroom ang kanilang mga magulang nang ianunsyo ang pagdating ng mga ito.

Napakaelegante ng suot na pulang gown ni Irene Fajardo. Bukod pa rito, napalamutian ng gintong mga alahas ang tenga, leeg at braso nito. Maging ang sapatos ng ginang ay punung-puno ng maliliit at mamahaling mga bato gaya ng diamante at ruby. Si Alfonso Fajardo naman

ay kagalang-galang sa suot na itim na tuxedo at makintab na leather shoes na parang galing pa sa ibang bansa. Magkasamang lumakad ang mag-asawa patungo sa inihandang presidential table para sa dalawa pati na rin sa kanilang mga anak.

Sinimulan ang party sa pamamagitan ng isang dasal at pagkatapos ay sinundan ng tradisyonal na balse ng mga dalaga at binatang anak ng mga negosyante at politikong panauhing pandangal din sa gabing iyon. Sumayaw sa saliw ng musika si Arianna, na kasali sa nasabing opening number.

Pagkatapos niyon, tumayo ang mag-asawang Fajardo patungo sa pedestal kung saan naroon ang mikropono.

“Magandang gabi sa inyong lahat,” paunang bati ni Alfonso. “Maraming salamat sa lahat ng dumalo sa party na ito. This is truly a memorable moment in our lives since this was the time that I got married to my one and only love, Irene, thirty years ago.”

“Sa kabila ng mga pinagdaanan ng aming pamilya ay nanatiling matibay ang pagsasama naming mag-asawa. Kaya naman malugod naming ibinabahagi sa inyo ang aming selebrasyon na ito. Talagang maswerte kami

dahil binigyan kami ng Panginoon ng matatalino at successful na mga anak. Nais kong ipakilala sila sa inyo.”

“Ang aming bunso at nag-iisang babaeng anak, si Arianna. Fresh graduate siya ng Fashion Design sa isang exclusive university sa Amerika.” Kasabay ng pagpapakilala ni Alfonso sa anak ay tumayo naman ang dalaga. “Naging sikat ang mga disenyo niya hindi lang dito sa Pilipinas kundi pati sa Japan, USA, England at France. In fact, sa susunod na buwan ay launching na ng *Arianna*, ang pinakabagong clothing and perfume line niya at ito ay magaganap sa Paris.” Pumalakpak ang lahat sa kanilang nalaman. Malugod namang tinanggap ng dalaga ang pagbati ng mga kamag-anak na nakaupo malapit sa presidential table.

“Ang pangalawang anak namin, si Andrei. Siya ang aking katuwang ngayon sa *Fajardo Incorporated*.” Saglit na tumigil si Alfonso upang hintayin ang pagtayo ng nabanggit na anak mula sa kinauupuan nito. “Siya ang General Manager ng *Fajardo Brewery* at Vice President ng *Horizons Unlimited*, ang bagong construction company na itinayo naming mag-asawa.” Pinalakpakan din si Andrei ng mga tao.

Pagkatapos, tiningnan nito si Adrian na nakaupo sa tabi nito.

“Last but not the least, ang panganay naming anak, si Adrian Fajardo.” Hintayin nitong tumayo ang anak pero nanatiling nakaupo at nakatingin sa kawalan ang huli.

Napansin ni Andrei ang hindi agarang pagtugon ni Adrian sa pagtawag ng kanilang ama kaya kinalabit nito ang kanyang nakatatandang kapatid. “Adrian, ikaw na ang ipinapakilala ni Papa,” bulong nito sa kapatid. Isang taon lang ang agwat ng dalawa kaya hindi na nito tinatawag na kuya si Adrian.

“Ha?” Agad na tumayo ang panganay na Fajardo. Muling pumalakpak ang mga tao.

“Si Adrian ang kasalukuyang Presidente ng *Royal Cruise Lines*. Siya rin ang future CEO ng *Fajardo Incorporated*.” Sandaling napatigil uli si Alfonso para uminom ng alak mula sa kanyang kopita. “Isang balo si Adrian, pero pagkatapos ng taon na ito, he will no longer be a widow...”

Nanlalaki ang mga matang napalingon si Adrian sa ama nang marinig ang huli nitong pahayag.

“Yes, I am proud to tell everyone here that Adrian will tie the knot next year. To none other

than the heiress of *Vergara Group of Companies*, Miss Donna Vergara!" malugod na pahayag ni Alfonso kasabay ng pagtaas ng kopita, "Cheers, to me and my wife. And of course, to Adrian and his fiancée, Donna."

Parang siyang binuhusan ng malamig na tubig sa narinig. Siya? Ikakasal kay Donna next year? *Anong kalokohan ito?*

Itinaas ng mga bisita ang kanilang mga kopita at pinalakpakan ang mag-asawang Fajardo, maging sina Adrian at Donna. Muli namang lumapit sa kanya ang fiancée niya na umano, saka hinawakan ang kanyang kaliwang bisig.

Bumaling siya sa bunsong kapatid na parang nagtatanong kung ano ang nangyayari. Nagkibit-balikat lang ito. Si Andrei naman ay uminom ng alak mula sa baso at piniling tumahimik na lamang.

Sinalubong ni Adrian ng nagbabagang mga titig ang tingin ng kanyang mga magulang.

"Ano 'to?" pagalit niyang bulong kay Donna habang tinitingnan ang mga tao sa kanilang paligid at kunwaring ngumingiti.

Nanunuya ang tono ng dalaga. "We're getting married next year, Adrian. Hindi mo ba narinig ang sinabi ni Tito Alfonso?"



“Donna, narinig ko ang lahat ng sinabi ni Papa. Hindi ako bingi. What I’m asking is, alam mo ba na ito ang sasabihin niya ngayong gabi?”

“No, ako mismo nasorpresa. But it’s a great one for me. You’re going to be mine at last,” ngisi ng babae.

Inalis ni Adrian ang bisig mula sa pagkakupulupot ni Donna at nagmadaling pumuwesto malapit sa upuan ng mga magulang.

Nang makaupo ang mag-asawa sa presidential table ay nilingon ni Adrian ang ama at sinubukang pigilin ang pagkayamot na nadarama.

“Pa, what was that about? Bakit mo sinabing ikakasal na ako sa susunod na taon, knowing na hindi ko naman girlfriend si Donna?”

“Son, eventually, you’ll get married again. Mas makakabuting ngayon ko na ’yun i-announce, hindi ba?” sagot ng ama na nakangiti pa.

“Pa, I know magpapakasal din naman ako uli. Pero, with Donna? Are you out of your mind, Papa?” mariing tanong ni Adrian. Mukhang hindi nauulinigan ng mga tao sa paligid ang namumuong pagtatalo ng mag-ama dahil naging abala ang lahat sa pakikinig sa orchestra at pakikihalubilo, kasabay pa ang pagpunta sa buffet table para kumuha ng pagkain.

“No, I’m not, son.” Malamig na ang tono ni Alfonso. “You’re going to marry Donna whatever it takes. For the sake of our company’s merging with theirs...”

Naputol ang pahayag ng ama nang suntukin ni Adrian ang mesa. Hindi naiwasang napaligon sa kanya sina Andrei at Arianna. “Pa, hayan ka na naman eh! You are deciding on my behalf. Lahat ba ng pagkontrol na ginagawa mo sa buhay ko dahil lang sa gusto mong magmerge ang *Fajardo* sa *Vergara Group of Companies*? Papa, this concerns my personal life. Wala na ba akong karapatang magmahal nang malaya? Hindi n’yo man lang ba ako tatanungin kung ano talaga ang gusto kong mangyari sa buhay ko?”

“Adrian,” sumingit si Irene sa usapan ng pabulong, “p’wede bang pag-usapan ninyo na lang ito ng ama mo pagkatapos ng party? Nakakahiya sa mga bisita natin.”

Nagngingitngit siya sa galit. “Hindi na kailangan, Mama. I’m out of here.” Nag-iwan ng masakit na tingin si Adrian sa mga magulang saka tuluyang nag-walk out, hawak pa ang isang kopita ng alak.

“Adrian, anak, bumalik ka dito please!”

Hindi na niya narinig ang pakiusap ng ina

dahil matulin ang paglalakad niya palabas ng bulwagan.

There was no point in staying there, naisip ni Adrian sa sarili habang papunta sa upper deck. Para siyang ginagawang robot ng sarili niyang mga magulang. He could not believe his father made a fool out of him right there and then. Saan galing iyon? Ipakakasal siya kay Donna para lang matupad ang kahilingan nitong magsama ang dalawang malalaking kompanya? Hindi man lang inisip ng ama na hanggang ngayon hindi pa rin siya nakaka-move on sa pagkamatay ni Krystal. Gusto niya nang kalimutan ang nakaraan, pero lalo siyang nahihirapan sa ginagawa ng mga magulang sa kanya.

Ibinato ni Adrian ang kopita sa dagat at saka sumigaw nang napakalakas dala ng pagkayamot.

Kung may bangka lang siyang kaharap ngayon, lululan siya roon upang magpakalayu-layo; malayo sa magulong mundo na kanyang kinalalagyan.